

Ang Pagsapit ng Huling Sandali¹ at ang mga Tanda Nito

Hindi nilikha ni Allah ang daigdig upang manatili kai-lanman. Darating dito ang isang araw na pagwawakasan nito. Ang araw na ito ay ang araw ng pagsapit ng Huling Sandali. Ito ay isang katotohanang walang duda hinggil dito. Nagsabi si Allah (40:59): **Tunay na ang Huling Sandali ay talagang darating – walang pag-aalinlangan hinggil dito** – Sinabi pa Niya (34:3): **Nagsabi ang mga tumangging sumampalataya: “Hindi darating sa amin ang Huling Sandali. Sabihin mo: “Bagkus, sumpa man sa Panginoon ko, talagang darating nga ito sa inyo; Ang Huling Sandali ay malapit na sapagkat nagsabi si Allah (54:1): Nalalapit na ang Huling Sandali. Nagsabi pa Siya (21:1): Nalalapit na para sa mga tao ang Pagtutuos sa kanila habang sila dahil sa pagkalingat ay mga bumabaling palayo.** Ngunit ang pagiging malapit na ng Araw ng Pagtutuos ay hindi batay sa sukatan ng mga tao at sa nala-laman nila. Ito ay kaugnay sa kaalaman ni Allah at sa nag-daan sa edad ng mundo.² Ang kaalaman hinggil sa pagsapit ng Huling Sandali ay kabilang sa kaalamang Nakalingid na sinarili ni Allah ang kaalaman hinggil doon. Hindi Niya ito ipinaalam sa isa man sa Kanyang mga nilikha. Sinabi Niya (33:63): **Tinatanong ka ng mga tao hinggil sa Huling Sandali. Sabihin mo: “Ang kaalaman hinggil dito ay nasa kay Allah lamang; at ano ang magpapabatid sa iyo na marahil ang Huling Sandali ay nagiging malapit na?”**

Bumanggit ang Sugo (SAS) ng mga tandang nagpapa-hiwatig sa nalalapit na pagdating ng Huling Sandali. Kabi-lang sa mga ito ay ang pagdating ng *alMasīh adDajjāl* (Bulaang Kristo). Siya ay isang malaking tukso sa mga tao dahil bibigyan siya ni Allah ng kapangyarihang makagawa ng mga mahimalang bagay na ikalililang ng maraming tao. Uutusan niya ang langit na umulan at ito ay uulan; uutusan niyang tumubo ang damo at ito ay tutubo; bubuhay siya ng patay; at iba pang mga himala. Nabanggit din ng Sugo (SAS) na siya ay kirat. Darating siya na dala ang halimba-wa ng Paraiso at Impiyerno; ang sinasabi niya na Paraiso ay Impiyerno at ang sinasabi naman niya na Impiyerno ay Paraiso. Mananatili siya sa Lupa sa loob ng apatnapung araw: may araw na gaya ng isang taon, may araw na gaya ng isang buwan, may araw na gaya ng isang linggo, at ang nalalabing mga araw ay gaya ng mga karaniwang araw. Walang matitirang lugar sa daigdig na hindi niya papasukin, maliban sa Makkah at Madīnah.

Kabilang rin sa mga tanda ng Huling Sandali ay ang pagbaba ni Jesus na anak ni Maria (AS)³ sa puting minaret sa dakong silangan ng Damascus sa oras ng *ṣalāh* sa mada-ling araw, na doon ay magdadasal siya ng dasal sa madaling araw kasama ng mga tao. Pagkatapos ay hahanapin niya ang Bulaang Kristo at kanya itong papatayin. Ang isa pa rin sa mga tanda ng Huling Sandali ay ang pagsikat ng araw sa kanluran. At kapag nakita ito ng mga tao, matata-kot sila at mananampalataya ngunit wala nang maidudulot na mabuti ang kanilang pagsampalataya. Mayroon pang maraming ibang tanda ng pagsapit ng Huling Sandali.

¹ Ang Huling Sandali na tinutukoy rito ay ang huling sandali ng isang tao, o ng Sansinukob bago sirain at lipulin ni Allah ang lahat ng nilalang Niya.

² Ang panahon ngayon ay higit na malapit sa Huling Sandali kaysa sa oras ng paglikha ng mundo.

³ (AS): ‘Alayhi ‘sSalām: Sumakanya ang Kapayapaan. Sinasabi ito kapag ang pangalan o ang taguri ng isang anghel o isang propeta bukod pa kay Propeta Muhammad (SAS) ay binanggit.